**Ikaw ba ay dayuhang mag-aaral o magulang?Ikaw ba ay guro o social worker na may interes sa temang interkultural? Ang edad mo ba ay 18 pababa at kailangan mo ng suporta sa pag-aaral, impormasyon tungkol sa sistema ng paaralan at trabaho, suportang pampamilya,intercultural mediation?Ikaw ba ay nagnanais sumali sa ibat-ibang uri ng sports?Gusto mo bang sabihin ang iyong opinyon?**

**Ang proyektong Interazioni 2.0 ay para sayo!**

Ang INTERAZIONI 2.0 ay proyektong pinondohan ng Ministero dell'Interno gamit ang Fondi Europei per l'Integrazione dei Cittadini dei Paesi Terzi (FEI), inilunsad ito ng mga kooperatibang Studio e Progetto 2, La Carovana, Panta Rei at ng mga asosasyong Nur, OCI at Genti de Mesu. Ang mga programang ipapalaganap nito ay naglalayong makatulong sa integrasyon ng mga dayuhan, mabawasan ang hindi pagkakapantay-pantay,magbigay sa kanila ng pagkakataong makibahagi sa mga gawaing panlipunan at mapagtibay ang pagkakaisa. Isasagawa ang proyektong ito sa mga lalawigan ng Cagliari (pati na rin sa Sulcis- Iglesiente at Medio Campidano) at Oristano.

## 4 na Kursong Interkultural

Ang bawat kurso ay may kabuuang 40 oras na nahahati sa pagtuturo ng wikang italyano sa mga dayuhan (20 oras) at edukasyong pang-interkultura (20 oras).
Mga maaaring makinabang: 100 guro ng anumang antas ng paaralan

## Servizi a chiamata 800975849

Ibibigay ang serbisyong "a chiamata" (tumawag kung kailangan) upang matugunan ang mga pang-indibidwal na pangangailangan ng mga batang dayuhan.Ito ay maaring tawagan ng mga magulang o iba pang kapamilya, ng mga paaralan o kahit ng mismong mga menor de edad.
Mga maaaring makinabang: Mga dayuhang mag-aaral, pamilya at mga guro ng mga lugar na sakop ng proyekto.

Mga serbisyo: Suporta sa pag-aaral, Educational and Intercultural Mediation,Pagbibigay ng payo o counseling na pang-indibidwal, grupo o buong pamilya, individual orientation.

## Voucher para sa sports

Magbibigay ng mga coupon sa mga dayuhang menor de edad at kabataan para mahikayat na sumali sa mga sports activities.
Mga maaaring makinabang: 100 batang dayuhan na may edad mula 6 hanggang 18.

## Vedo...doppio

Paggawa ng mga video interview sa mga kabataang imigrante at italyano tungkol sa (trabaho, pamilya, pagpapahalaga o values, relasyon, damdamin, ...)
Mga maaaring makinabang: 40 batang italyano at dayuhan na may edad mula 15 hanggang 18.